Simula noong Abril 1, 2003, ang Shizuoka City ay binigyang epektibo ang kautusang magtataguyod sa pagkakapantay-pantay ng kasarian o Shizuoka City Ordinance for the Promotion of Gender Equality, upang mabigyang katuparan ang pagpapasigla sa sambayanan kung saan ang karapatan ng mga kalalakihan at kababaihan ay pareparehong irirespeto.

**Kautusan para sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay ng Kasarian sa Shizuoka City (Pansamantalang Pagsasalin)**



Ang Saligang-batas ng Japan ay maliwanag na ipinahahayag na ang karapatan ng bawat isa ay parepareho sa ilalim ng batas. Ang mundo, kung saan nakasentro ang United Nations ay aktibong itinataguyod ang pagpapatupad ukol sa sambayanan na ang kasarian ay pantay-pantay. Ipinagtibay ang ganitong batas mula noong International Women's Year noong 1975, sa Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women na may layuning mabigyan-wakas ang karahasan laban sa mga kababaihan.

Pinaunlad rin ng Japan ang batas at institusyon para sa pagpapatupad ng pagkakapantay-pantay ng kasarian sa pamamagitan ng pagsasabatas ng Equal Employment Opportunity Law na may layuning ang mga kalalakihan at kababaihang nagtatrabaho ay may pantay-pantay na karapatan sa kanilang trabaho at pantay-pantay na pamumuhay sa sambayanan.

Ang Shizuoka City ay nagsisikap ring lumikha ng sambayanan kung saan ang mga kalalakihan at kababaihan ay masiglang mamuhay ng pantay-pantay sa pamamagitan ng pagtataguyod sa mga patakaran para sa mga kababaihan tulad ng pagtatatag ng Shizuoka City Women's Action Plan at ng Shizuoka City Gender Equality Promotion Plan, gayun din ang pagbubukas ng Women's Center o Josei Kaikan.

Sa kabila ng iba't-ibang aksiyon ukol dito, mayroon pa ring naniniwala na ang bawat katungkulan ay kailangang magkakaiba ayon sa kasarian at panlipunang kaugalian. Dahil dito, marami pa rin sa mga

mamamayan ang hindi pa rin nararamdaman ang pagkakapantay-pantay ng kasarian na ipinatutupad. Kung papaano dapat mamili ng malayang pamumuhay at magtrabaho ang mga kalalakihan at kababaihan para sa pamumuhay na may mataas na kalidad, respeto sa bawat isa, ang partisipasyon ng mga kalalakihan at kababaihang na maaaring parehong magtatrabaho sa ano mang larangan ay naging isang paksang hindi maipapawalang bahala.

Ang kautusan ay itinatag sa pamamagitan ng pakikialam ng mga mamamayan ng Shizuoka City para lumikha ng sambayanang may pagkakapantay-pantay na kasarian at responsabilidad ng lahat ang magtulong-tulong at magpamalas ng kanilang indibidwalidad at abilidad.

## Kabanata 1 Pangkalahatang Kondisyon

**Layunin**
Artikulo 1

Ang layunin ng kautusang ito ay upang maisakatuparan ang masagana at mabisang sambayanang may pagkakapantay-pantay ang kasarian sa pamamagitan ng madaling maunawaan at may sistemang pagtataguyod na itinakdang batayang pagpapalagay ukol sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian at pagpapaliwanag ng responsabilidad ng siyudad, residente at pangangalakal, gayun din ang pagtatakda sa batayang patakaran sa pantay-pantay na kasarian.

**Pagpapaliwanag**
Artikulo 2

Sa ilalim ng kautusang ito, ang mga sumusunod ay ang mga pagpapaliwanag.
(1) Pagkakapantay-pantay ng kasarian- lalaki man o babae, walang kinalaman ang kasarian, ay malayang makakapamili sa alin mang larangan ng gawain at karapatang tamasain ang benipisyong pangpolitikal, pangkabuhayan, panglipunan at pangkultura.
Sang-ayong Aksiyon- positibong kondisyon para sa mga kalalakihan man o kababaihan na hindi hihigit sa kinakailangang limitasyon upang malunasan ang pagkakaiba-iba ng kasarian sa mga pagkakataong itinakda sa sinundang aytem.
(3) Sexual Harrassment- sexual nature na kaugalian ng isang tao, nakakasakit o nakakapinsala sa ibang tao. Gawaing nagdudulot ng kapinsalaan o kasiraan sa ibang tao dahilan ng kaugaliang may kinalaman sa sexual nature.
(4) Mamamayan- mga taong namumuhay, nagtatrabaho, nag-aaral o nakikiisa sa mga gawain ng siyudad.
(5) Pangangalakal- lahat ng nangangasiwa ng pangangalakal o negosyo sa siyudad, walang kinalaman kung indibidwal o korporasyon.

**Respeto para sa Karapatan ng mga Kalalakihan at Kababaihan**
Artikulo3

Sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian ay dapat irespeto ang karapatan ng mga kalalakihan at ng mga kababaihan. Saklaw din dito ang mga sumusunod: respeto sa dignidad ng kalalakihan at kababaihan bilang mga nilalang; walang katuwiran o di tuwirang pang-aapi; magkaroon

ng pagkakataong magpamalas ng abilidad bilang nilalang; eliminasyon sa karapatang pang-aabuso sa pagitan ng mga kalalakihan at kababaihan gaya ng pisikal, psychological, pangkabuhayan at pang-aabuso tulad ng sexual abuse.

**Pagsasaalang-alang sa Sistemang Panlipunan o Kasanayan**
Artikulo 4

Sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian, ang sistemang panlipunan at kasanayan na mahigpit na nakakaapekto sa katayuan ng batayang kasarian ay hindi dapat hadlangan ang mga kalalakihan at kababaihan sa mga gawaing hindi ipinagbabawal o hindi itinatakda.

**Pagkakataong Makilahok sa Pagpaplano at Pagpapasiya ng mga Patakaran, atbp.**
Artikulo 5

Sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian, ang mga kalalakihan at kababaihan bilang magkapareha sa sambayanan ay kailangang makilahok sa mga pagpaplano at pagpapasiya ng mga patakarang isinasagawa ng siyudad, pangkalakalan at iba pang samahan.

**Pagkakasundo ng Pamilya, Trabaho at Iba pang Gawaing Pangkomunidad**
Artikulo 6

Sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian, ang mga kalalakihan at kababaihan ay kailangang makiisa at sumuporta sa sambayanan. Kailangang magkaroon ng responsabilidad sa pamilya at sa mga gawaing pangtahanan, katulad ng pagpapalaki sa mga anak at pag-aalaga sa meyembro ng pamilya, kahit na may hanap-buhay o may ibang aktibidad na pinagkakaabalahan sa komunidad.

**Pagkakapantay-pantay ng Kasarian sa Pang-internasyonal na Hangarin**
Artikulo 7

Kailangang maunawaan ng lahat na ang pagkakapantay-pantay ng kasarian ay itinataguyod ayon sa hangarin ng buong mundo at kailangang isakatuparan ito na may pang-internasyonal na hangarin.

**Pagsasaalang-alang sa Dignidad at Kalusugan ng Bawat Kasarian**
Artikulo 8

Sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian, ang mga kalalakihan at kababaihan ay kailangang irespeto ang kanikanilang kasarian, gayun din ang pagrirespeto sa kanilang pagpapasiya ukol sa pagdadalang-tao, panganganak o iba pang pamamaraan ng reproduksiyon at bagay-bagay na sexual para sa pampisikal at psychological na kalusugan.

**Responsabilidad ng Siyudad**
Artikulo 9

1. Alinsunod sa batayang pagpapalagay ukol sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian (tumutukoy sa Basic Ideology), iniaatas sa Artikulo 3 hanggang 8, responsabilidad ng siyudad ang malinaw na balangkas at pagsasakatuparan ng mga patakaran ukol sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian (tumutukoy sa Gender Equality Promotion Policy), kasama rito ang sang-ayong aksiyon at pagsasakatuparan ng iba pang patakaran.

2. Ang siyudad ang kinakailangang magsikap na maglaan ng hakbang para sa pondo at magtatag ng mga pasilidad para sa pagsasagawa at pagsasakatuparan ng Gender Equality Promotion Policy.
3. Kaugnay ng pagtataguyod sa pagkakapantay-pantay ng kasarian, ang siyudad ay kailangang tumulong at makiisa sa mga mamamayan at pangkalakalan, gayun din ang pagsisikap para masuportahan ang mga gawain ng mga mamamayan at pangkalakalan.

**Responsabilidad ng mga Mamamayan**
Artikulo 10

1. Ang mga mamamayan ay kailangang magsikap na mapabuti ang sistemang panlipunan at kasanayan sa tahanan, trabaho, paaralan at komunidad para sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.
2. Kailangang suportahan ng mga mamamayan ang mga patakaran sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian na isinasagawa ng siyudad.

**Responsabilidad ng mga Pangkalakalan**
Artikulo 11

1. Alinsunod sa batayang pagpapalagay, ang mga pangkalakalan ay kailangang magsikap na itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa mga gawaing pangkalakalan at panatiliin ang kapaligirang balanseng sumusuporta sa mga pamumuhay ng mga empleyado o trabahador at ng pamumuhay na pantahanan.
2. Ang mga pangkalakalan ay kailangang magsikap na disimulahin ang mga kapakipakinabang na impormasyon para sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian, mula sa trabaho hanggang sa mga trabahador.
3. Kailangang suportahan ng mga pangkalakalan ang mga patakaran sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian na isinasagawa ng siyudad.

**Paglabag sa Pagbabawal sa Pagkakapantay-pantay ng Kasarian**
Artikulo 12

1. Sa ano mang situwasyon, walang sinuman ang dapat pakitunguhan ng hindi pares o pantay.
2. Sa ano mang situwasyon, walang sinuman ang gagawan ng sexual harassment.
3. Sa ano mang relasyon tulad ng mag-asawa, walang sinuman ang gagawa ng mga pang-abusong pisikal, mental, pangkabuhayan o sexual.

**Pagsasakatuparan ng Pagkakapantay-pantay ng Kasarian sa Komunidad**
Artikulo 13

Sa pamamagitan ng mga gawaing pangkomunidad, ang lahat ay dapat na magsumikap para sa pagsasakatuparan ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.

**Pagsasakatuparan ng Pagkakapantay-pantay ng Kasarian sa Edukasyon**
Artikulo 14

Ang lahat ay dapat na magsumikap para sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian sa edukasyonal na pamamaraan tulad sa tahanan, pinagtatrabahuhan, paaralan, lipunan at iba pa.

**Babala sa mga Pahayag na Ginagamit sa Publiko**
Artikulo 15

Walang sinuman ang dapat gumamit ng mga impormasyon o pagpapahayag sa publiko na nakakaapekto sa katayuan ng kasarian, sexual harassment o pang-aabuso sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan at pahayag na nakakasira sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay na kasarian.

## Kabanata 2 Batayang Patakaran para sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay ng Kasarian

**Planong Aksiyon**
Artikulo 16

1. Ang Mayor ang magpapasiya para sa planong aksiyon (tumutukoy bilang Action Plan) ukol sa malinaw at may sistemang pagsasagawa ng patakaran para sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.
2. Ang planong aksiyon ay kinakailangang itakda ang mga sumusunod:
   (1) Malinaw at maayos na direksiyon ng balangkas para sa Gender Equality Promotion Plan.
   (2) Maliban sa mga sinundang aytem, mga bagay na kinakailangan para sa pagtataguyod ng Gender Equality Promotion Policy.
3. Ang Mayor na bumabalangkas sa planong aksiyon ay kinakailangang kumunsulta sa Shizuoka City Gender Equality Advisory Committee, Artikulo 24, at dapat pakinggan ang opinyon ng mga residente.
4. Kinakailangang ipaalam agad ng Mayor sa publiko ang planong aksiyon kung sakaling ito'y napagpasiyahan.
5. Ang mga sinundang aytem ay kailangang tumugon sa pagbabagong isasagawa sa planong aksiyon.

**Progresong Paglalathala**
Artikulo 17

Kinakailangang ilathala ng Mayor sa publiko ang progreso ukol sa planong aksiyon kada taon.

**Pag-aaral at Pananaliksik**
Artikulo 18

Kinakailangang ibalangkas ng siyudad ang Gender Equality Promotion Policy at gawin ang mga kinakailangang pananaliksik at pag-aaral para sa pagsasakatuparan nito.

**Kondisyon ng Impormasyon at Pampublikong Gawain**
Artikulo 19

Sa ano mang pagkakataon, and siyudad ay kinakailangang magsikap para maglaan ng impormasyon at magsagawa ng mga gawaing pampubliko upang mas maunawaan ng mga mamamayan at pangkalakalan ang pagtataguyod sa pagkakapantay-pantay ng kasarian.

**Pakikiisa sa mga Institusyong Tagapagsaliksik, at iba pa**
Artikulo 20

1. Kinakailangang magsikap ang siyudad na makiisa at makipagtulungan sa mga pananaliksik at edukasyonal na institusyon para sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.
2. Kinakailangang makiisa at makipagtulungan ang siyudad sa mga non-governmental organization at sumuporta sa mga gawain nito para sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.

**Sumuporta para sa Pagkakasundo-sundo ng Pamilya, Trabaho at iba pang gawaing Pangkomunidad**
Artikulo 21

Kinakailangang magsikap ang siyudad para suportahan ang mga kalalakihan at kababaihan upang mabalanse ang pamilya, trabaho at iba pang gawaing pangkomunidad.

**Pag-uulat Mula sa Pangkalakalan**
Artikulo 22

1. Kung sa pagpapalagay ay kinakailangan, ang Mayor ay maaaring humiling ng pag-uulat ukol sa mga isyu sa pagkakapantay-pantay ng kasarian mula sa mga pangkalakalan at magbigay ng pagpapayo.
2. Ang Mayor ay maaaring magbigay ng pampublikong paglalahad ukol sa pagpapasiya mula sa ulat na ipinahayag sa sinundang aytem.

**Pangangasiwa ng mga Reklamo at Pagpapayo**
Artikulo 23

Ang siyudad na nangangalap ng pakikiisa ng mga kaugnay na organisasyon ay dapat magsikap ukol sa pangangasiwa ng mga reklamo sa patakarang isinasakatuparan ng siyudad na nakakaapekto sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian, gayun din ang pagpapayo ukol sa diskriminasyon ng kasarian mula sa mamamayan at kalakalan.

## Kabanata 3 Lupon ng mga Tagapagpayo sa Pagkakapantay-pantay ng Kasarian sa Shizuoka City

**Pagkakatatag**
Artikulo 24

Ang lupon ng mga tagapagpayo sa pagkakapantay-pantay ng kasarian ng Shizuoka City (tumutukoy sa Advisory Committee) ay itinatag para sa maayos na pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.

**Gawaing Kautusan**
Artikulo 25

Maliban sa pag-uulat ng pagpapayong pinangangasiwaan sa Artikulo 16, Seksiyon 3, ang lupon ng mga

tagapagpayo ay dapat siyasatin ang mga mahahalagang bagay ukol sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.

**Organisasyon**
Artikulo 26
Ang lupon ng mga tagapagpayo ay kailangang binubuo ng mahigit sa 10 kaanib at ang bilang ng kalalakihan at kababaihang kaanib ay hindi dapat bababa sa 40 % sa kabuuang bilang ng kaanib.

**Kaanib ng Lupon**
Artikulo 27

1. Ang mga sumusunod na katangian ay dapat na itakda ng Mayor bilang kaanib ng lupon:
   (1) Mga taong may pinag-aralan.
   (2) Mga taong rekomendado ng mga may kaugnayang organisasyon.
   (3) Mamamayan ng siyudad.
   (4) Iba pa— na sa inaakala ng Mayor ay nararapat o naaangkop.
2. Dapat na itakda ng Mayor ang mga kaanib ng lupon na inilalarawan sa sinundang 3 aytem sa pamamagitan ng pampublikong solisitasyon.
3. Ang kaanib ng lupon ay kailangang maglingkod ng dalawang taon na walang reappointment. Gayun pa man, ang panahong ipinaglingkod ng kapalit na kaanib ng lupon ay katulad rin sa kabuuang panahong natitira sa orihinal na panahon ng kaanib.

**Tagapangulo at Bise-pangulo ng Lupon**
Artikulo 28

1. Ang lupon ng tagapagpayo ay kinakailangang may tagapangulo at bise-pangulo.
2. Ang tagapangulo at ang bise-pangulo ay dapat na ihalal ng kaanib ng lupon.
3. Ang tagapangulo ay dapat na mamuno sa mga gawain at pagpupulong ng lupon ng mga tagapagpayo.
4. Kung wala ang tagapagpangulo, ang lahat ng katungkulan nito ay dapat isagawa ng bise-pangulo.

**Pagpupulong**
Artikulo 29

1. Ang pagpupulong ng lupon ng tagapagpayo ay dapat na ipinatatawag ng tagapangulo.
2. Kung kinakailangan, maaaring alamin ng tagapangulo ang mga pagpapaliwanag o opinyon.

**Pangasiwaang Gawain**
Artikulo 30

Ang mga pangasiwaang gawain ng lupon ng tagapagpayo ay kailangang isagawa ng Social Growth Department.

## Kabanata 4 Iba pang Kondisyon

**Iba pang Kondisyon**
Artikulo 31

Maliban sa itinatag na kautusan, ang mga aytem na kinakailangan para sa pagsasakatuparan ng kautusang ito ay bukod na itatakda ng Mayor.

**Karagdagang Kondisyon**
Artikulo 32

Ang kautusang ito ay binigyang epektibo noong Abril 1, 2002.

Inilathala ng Shizuoka City Gender Equality Division
Telepono: 054-221-1349
FAX 054-221-1295



フィリピン語